**Kautusang Pampubliko ng Glendale Blg. 2020-15**

**Sa ilalim ng Pang-Emerhensiyang Awtoridad ng Lungsod ng Glendale**

**Petsa ng Paglathala: ika-31 ng Hulyo 2020**

**Pagtanggal ng Bayad sa Aplikasyon sa Lisensya at Pagkakaloob ng Pansamantalang Sertipikasyon ng Pag-okupa para sa Labas na Operasyon ng mga Gym Alinsunod sa Mga Pampublikong Kautusang Pangkalusugan ng Los Angeles County**

**Samantalang** noong Marso 16, 2020, ang Konseho ng Lungsod ng Glendale, alinsunod sa Glendale Municipal Code Kabanata 2.84, ay nagpahayag ng lokal na emerhensiya. Kinailangan ito dahil sa lumulubhang pag-aalala sa Coronavirus Disease 2019 (COVID-19), isang matinding sakit sa paghinga na sanhi ng novel (bagong) coronavirus. Kabilang sa mga sintomas ng virus ay lagnat, ubo, at kapos na paghinga, at ang mga nahawang indibidwal ay nakakaranas ng iba't ibang pakiramdam, mula sa banayad hanggang sa malubhang pagkakasakit at kamatayan. Ang bilang ng mga kumpirmadong kaso ay patuloy na tumataas sa loob ng maikling panahon. Ipinapayo sa atin ng Centers for Disease Control and Prevention na ang COVID-19 ay mabilis na kumakalat sa bawat tao kaya ito ay naglabas ng mga alituntuning nagrerekomenda sa publiko na sumunod sa mga patakaran at magpanatili ng social distancing o pagpapanatili ng distansya sa kapwa hanggang maaari. Bilang karagdagan, nagpalabas ang Konseho ng Lungsod noong Marso 16, 2020 na isara at limitahan ang access sa ilang mga pampublikong establisimyento;

**Samantalang** ang Lungsod ng Glendale ay mas matinding nagsisikap na mapanatili ang kalinisan ng kamay, maingat na pamantayan sa paghinga, at social distancing. Lubhang kritikal na gawin ng Lungsod ang lahat ng kanyang makakaya upang mapabagal ang pagkalat sa komunidad at maiwasan ang hindi kinakailangang pahirap sa sistemang medikal. Upang makatulong sa mga pagsisikap, sa ilalim ng emerhensiyang awtoridad na ibinigay sa Direktor ng Serbisyong pang-Emerhensiya alinsunod sa Kabanata 2.84 ng Glendale Municipal Code, upang gumawa at mag-isyu ng mga patakaran at regulasyon sa mga bagay na makatuwirang may kaugnayan sa proteksyon ng buhay at pag-aaring naaapektuhan ng naturang emerhensiya, iniutos na ang isang serye ng pansamantalang mga paghihigpit ay ipatupad sa ilang establisimiyento sa buong Lungsod ng Glendale kung saan ang malaking bilang ng mga tao ay may maaaring magtipon at manatiling magkakalapit;

**Samantalang,** noong Marso 4, 2020, ang Lupon ng mga Superbisor ng County ng Los Angeles at ang Departamento ng Pampublikong Kalusugan ay nagdeklara ng lokal at pampublikong kalusugang emerhensiya bilang tugon sa mabilis na pagkalat ng coronavirus sa buong bansa; at pinagtibay ng Konseho ng Lunsod ng Glendale ang Resolusyon Blg. 20-29 na naaayon sa muling Paglulunsad ng Kautusang Safer at Home and in the Community for Control of Covid-1, ("County Order") na nagpasara ng ilang mga negosyo, kabilang ang mga retail na establisimyento, mga gym, mga personal na pangangalaga, bukod sa iba pang mga serbisyong hindi esensyal.

**Samantalang,** noong Mayo 15, 2020 ang Resolution ng Glendale Blg. 20-29 ay natapos at ang mga nasabing negosyo at aktibidad ay patuloy na sumasailalim sa Kautusan ng County;

**Samantalang,** simula noon o malapit sa Mayo 26, 2020, binago ng Los Angeles County Public Health Officer ang Kautusan ng County at simula noon ay gumawa ng ilang karagdagang pagbabago upang pahintulutan ang bahagyang pagbubukas ng ilang negosyo, kasama ang

mga kainan para sa dine-in na serbisyo, mga retail na tindahan para sa in-store na pamimili, at iba pang mga establisimyento para sa personal na pangangalaga, kung matutugunan nila ang mga protokol ng County para sa muling pagbubukas;

**Samantalang** noong Mayo 29, 2020, alinsunod sa mga pagsasaayos ng Kautusang Pangkalusugan na Safer-at- Home ng County ng Los Angeles, natapos ang Resolusyon Blg. 20-29 ng Glendale, at ilang mga negosyo sa Glendale ay nagsimula nang magbukas muli at bumalik sa trabaho, kung matutugunan nila ang ilang protokcol ng County;

**Samantalang** noong Hulyo 1, 2020, si Gobernador Gavin Newsom ng California ay nag-utos ng ikalawang pagsasara ng mga kainan at mga negosyong indoor sa mahigit na 19 na mga county na nagkaroon kamakailan lamang ng biglaang pagtaas ng mga kaso ng coronavirus, kung saan kasama ang County ng Los Angeles, na ipinag-utos din ng County Health Officer ng Los Angeles;

**Samantalang** noon o malapit sa petsang Hulyo 14, 2020, binago ang Kautusan ng County upang pahintulutan ang mga tukoy na establisimyento na gumamit ng outdoors kabilang ang mga gym, barberya, mga parlor, at mga serbisyo sa personal na pangangalaga.

**Samantalang m**ay nananatiling mataas na posibilidad ng pagtaas ng bilang ng kaso ng transmisyon ng virus sa komunidad, kung saan ang mga indibidwal na nahawa ng virus na siyang sanhi ng COVID-19 ay walang sintomas o mayroon lamang banayad na sintomas, at dahilan ng walang kaalaman sa taglay na virus na nakakahawa sa iba, at dahil dito ay patuloy na ipinagbabawal ng Health Officer ng County ng Los Angeles ang mga pagtitipon ng mga tao sa loob ng county;

**Samantalang** ang mga pampublikong kautusang pangkalusugan na naglilimita sa iba pang pampublikong kautusang pangkalusugan ay lubhang humahadlang sa ilang tukoy na gawaing pang-ekonomiya sa Lungsod at ang Lungsod ng Glendale ay gumagawa ng mga hakbang para mag-alok ng direktang tulong sa lokal na ekonomiya bilang tugon sa mga epekto ng COVID-19 sa ekonomiya at ang pagsasaalang-alang ng mga paraan kung paano masusuportahan ng Lungsod ang mga lokal na negosyo, kasama sa mga rekomendasyon ay ang mga paraan kung paano ang ilang mga negosyo ay maaaring i-operate sa outdoor, habang pinananatili at sumusunod sa mga kinakailangang panamtayang pangkalusugan at kaligtasan para sa mga negosyo na ayon sa mga protokol ng bagbabalik sa trabaho ng County ng Los Angeles;

**Samantalang,** ang pagpapahintulot na mag-operate outdoor para sa ilang mga negosyo ay magsusulong sa layuning muling ibangon ang ekonomiya habang sumusunod sa mga pampublikong kautusan at protokol na pangkalusugan; at

**Samantalang,** nakikita ng Director of Emergency Servides na para sa kapakanan ng kalusugan at kaligtasan ng publiko na huwag pagpataw ng singil sa aplikasyon para sa permit at ipahintulot at palawakin ang mga magagamit na lugar sa outdoors para sa negosyo at pagbebenta, na ayon sa lahat ng naaangkop na mga pampublikong kautusang pangkalusugan at mga protokol.

**Ngayon samakatwid,** sa bisa ng ibinigay na awtoridad alinsunod sa Kabanata 2.84 ng Glendale Municipal Code, ang Direktor ng Emergency Services ay nag-iisyu ng mga sumusunod na kautusan, agad na epektibo hanggang sa Disyembre 31, 2020 maliban na lamang kung ang Kautusan ng County ay baguhin upang pahintulutan ang indoor na pagpapatakbo ng negosyo:

**Seksyon 1.** Mga Gym at mga Health Club. Para sa mga gym at mga health club, sa pakahulugang ibinibigay sa Glendale Municipal Code seksiyon 30.70.30G, na nagbabago sa pagpapatakbo ng negosyo bilang tugon sa COVID-19 at nag-re-require ng permit para sa pansamantalang sertipikasyon ng pag-okupa upang mangyari ang pagbabago sa operasyon na magsilbing outdoor gym sang-ayon sa mga Kautusan at Protokol na

ipinatutupad ng County ukol sa muling pagbubukas ng mga negosyo:

Ang singil para sa pag-aapply ng permit ay hindi ipatutupad para sa pansamantalang paggamit alinsunod sa pansamantalang sertipikasyon ng pag-okupa;

Sa kabila ng Titulo 30 o anumang ibang probisyon ng GMC, sa panahon ng pagpapatupad ng Pampublikong Kautusang ito, ang mga aktibidad pang-emerhensiya, at mga aktibidad na pang-gym at pang-fitness na pisikal ay pinahihintulutang gawin sa outdoor. Ang mga lugar sa outdoor na maaring gamitin para sa mga layuning nabanggit ay maaari lamang sa pribadong pag-aaari;

Ang mga nagpapatakbo ng gym ay kailangang magpanatili ng hindi bababa sa 50% ng kanilang kinakailangang parking kung ilalabas nila ang kanilang operasyon. Ang mga negosyo na naghahati sa mga lote ng parking na hindi makakasunod sa 50% na minimum na pangangailangan para sa parking ay maaaring humiling ng mas mababang parking na nakasalalay sa matagumpay na proseso ng pagpetisyon ng kanilang mga kabahagi sa paggamit sa lote ng parking.

Maaaring ang Director of Community Services and Parks, sa kanyang diskresyon, ay magtukoy ng mga parkeng pag-aari ng Lungsod, kung saan maaaring pahintulutan ang pagbibigay ng permit, na alinsunod sa mga ilalapat na requirements, kabilang ang pagbabayad ng fees, pagpapakita ng katunayan ng insurance para sa kanilang paggamit ng outdoor para sa gym at mga aktibidad na pang-physical fitness.

**Seksyon 2.** Ang Kautusang ito ay hindi at hindi nangangahulugang bibigyan ng pahintulot ang anumang negosyo o indibidwal na magpatakbo ng gym o fitness center sa paraang lumalabag sa anumang mga kautusang pangkalusugan ng publiko o mga protokol ng Estado ng California, Opisyal ng Kalusugan ng Los Angeles County, at Lungsod ng Glendale, kabilang ngunit hindi limitado sa mga nauukol na pagtitipon, pagdidistansiya ng mga tao at paggamit ng takip sa mukha.

**Seksyon 3.** Anumang paglabag sa mga Pampublikong Kautusan binaggit dito ay maaring isanggunii sa Opisina ng City Attorney para sap ag-uusig sa ilalim ng Municipal Code ng Glendale Kabanata 1.20, na nagpapataw ng multa na hindi lalampas sa $1,000 o pagkabilanggo na hindi hihigit sa anim na buwan. Ang bawat indibidwal na opisyal ay dapat gumamit ng kanilang diskresyon sa pagpapatupad ng utos na ito at palaging isaisip ang hangarin ng Kautusang ito. Ang mga paglabag ay sasailalim sa mga probisyon ng Glendale Municipal Code Kabanata 1.24, na nagpapataw, kasama ang iba pang mga mekanismo ng pagpapatupad na nakalagay doon, para sa multa ng $400 para sa unang citation, $1,000 para sa pangalawang citation, at $2,000 para sa ikatlong citation.

Day of July 30th, 2020

Time: 6:00 p.m.

By: [signature]
Roubik Golanian
Acting Director of Emergency Services

Approved as to Form:
MICHAEL J. GARCIA, CITY ATTORNEY

By: [signature]
Title: City Attorney
Date: 7/30/2020